CALAMBALITA
Vol. 1 No. 002, Weekly Edition
Nobyembre 6, 2017 Bilang 2

# Pasko sa Calamba 2017, Pormal nang binuksan

Pormal nang binuksan sa publiko ang Pasko sa Calamba 2017 na may temang *"Mensahe mula sa puso para sa bawat Calambeño: Pag-ibig, Kagalakan, at Kapayapaan ngayong Pasko"* noong Biyernes November 3, 2017.

Isang Banal na Misa sa pangunguna ni Rev. Fr. Reine B. Eriga ang naging panimula ng programang pinangunahan nila Cong. Joaquin "Jun" Chipeco, Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco, Vice Mayor Roseller "Ross" Rizal at ng Sangguniang Panlungsod.

Nakiisa din ang ibat-ibang ahensya at tanggapan ng Pamahalaang Lungsod, mga barangay official at NGO's sa programang inihanda ng DepEd Calamba.

Isang natatanging presentasyon mula sa Banlic Elementary School ang natunghayan kasunod ay bating pagtanggap ni Vice Mayor Ross Rizal. Anya, taun-taon ay inaabangan na ng mga taga Calamba ang programang hatid ni Mayor Timmy Chipeco na nagpapakita ng tunay na diwa ng Pasko sa mga Calambeño maging sa buong mundo na nakasubaybay sa pamamagitan ng social media.

Sa mensahe naman ni Mayor Timmy Chipeco, pinasalamatan nito ang lahat sa patuloy na suporta sa ganitong mga pagkakataon; ang maipapakita ang pagkakaisa, pagmamahalan at kapayapaan. Ito rin umano ang pagkakataon upang magpasalamat sa Maykapal sa isang taong biyaya at pag-iingat sa ating lahat.



Nagbigay din ng mensahe si Cong. Joaquin "Jun" M. Chipeco Jr, kung saan inalala nito noong siya pa ang alkalde ng lungsod ay sinimulan niya ang programa ng kapaskuhan sa Calamba at mula noon nakaugalian na ang nasabing okasyon. Pinasalamatan nito si Mayor Timmy Chipeco sa patuloy na pagbibigay ng saya sa bawat Calambeño tuwing Pasko.

Matapos ang pag-iilaw ng Christmas Tree at makulay na Fireworks display, pormal namang binuksan ang Calambuhayan Trade Fair, isa sa mga priority programs ni Mayora Laverne "Lav" Chipeco kung saan makakabili ng mga produktong likha ng Calambuhayan Livelihood program at iba pang bilihin sa murang halaga. *(Joel Cabactulan)*


## NILALAMAN :

Pasko sa Calamba 2017 1-2
Oplan Kaluluwa, Mapayapang Naidaos 3
Cooperative Hall of Fame Award 4
Cooperative Month 2017 5
Orientation on Community-Based Rehabilitation Program 6
Agriculture Fishery Week 6
Kalanbanga 7
Mobile e-Passporting Services 7


HAPPY ANG PASKO SA CALAMBA
TEMA: MENSAHE MULA SA PUSO PARA SA BAWAT CALAMBEÑO: PAG-IBIG, KAGALAKAN AT KAPAYAPAAN NGAYONG PASKO.
CHRISTMAS TREE LIGHTING
03 NOV FRIDAY
JOSE RIZAL PLAZA
5PM
THANKSGIVING MASS
6PM
PROGRAM PROPER
OPENING OF CARNIVAL & TRADE FAIR
KALAN-BANGA


HAPPY ANG PASKO SA CALAMBA
TEMA: MENSAHE MULA SA PUSO PARA SA BAWAT CALAMBEÑO: PAG-IBIG, KAGALAKAN AT KAPAYAPAAN NGAYONG PASKO.
CHRISTMAS TREE LIGHTING
04 NOV SATURDAY
5 PM
MERCADO DE CALAMBA
7 PM
PALISAM - BAYWALK
KALAN-BANGA


HAPPY ANG PASKO SA CALAMBA
TEMA: MENSAHE MULA SA PUSO PARA SA BAWAT CALAMBEÑO: PAG-IBIG, KAGALAKAN AT KAPAYAPAAN NGAYONG PASKO.
CHRISTMAS TREE LIGHTING
06 NOV MONDAY
5 PM
PANSOL
7 PM
WALTERMART-MAKILING
KALAN-BANGA


HAPPY ANG PASKO SA CALAMBA
TEMA: MENSAHE MULA SA PUSO PARA SA BAWAT CALAMBEÑO: PAG-IBIG, KAGALAKAN AT KAPAYAPAAN NGAYONG PASKO.
CHRISTMAS TREE LIGHTING
07 NOV TUESDAY
5 PM
CUBA - PUNTA
7 PM
IMALL - CANLUBANG
KALAN-BANGA


HAPPY ANG PASKO SA CALAMBA
TEMA: MENSAHE MULA SA PUSO PARA SA BAWAT CALAMBEÑO: PAG-IBIG, KAGALAKAN AT KAPAYAPAAN NGAYONG PASKO.
CHRISTMAS TREE LIGHTING
08 NOV WEDNESDAY
6 PM
CITY PLAZA
OPENING OF NIGHT FOOD MARKET
BRGY. 6
KALAN-BANGA


HAPPY ANG PASKO SA CALAMBA
Rotary
CALAMBA
CALAMBUHAYAN
Trade Fair & CARNIVAL
NOV. 3, 2017- JAN. 5,2018
KALAN-BANGA


04
DEC
MON
6:00 PM
HAPPY ANG PASKO SA CALAMBA
CHRISTMAS TREE SA BARANGAY
KALAN-BANGA
CALAMBA CITY HALL


07
DEC
THURS
3:00 PM
HAPPY ANG PASKO SA CALAMBA
ZUM BARANGAY
KALAN-BANGA
JOSE RIZAL PLAZA


14
DEC
FRI
5:00 PM
HAPPY ANG PASKO SA CALAMBA
CHRISTMAS SANTAKRUZAN
DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION
KALAN-BANGA
JOSE RIZAL PLAZA


14
DEC
FRI
8AM TO 4PM
HAPPY ANG PASKO SA CALAMBA
CHRISTMAS PARADE of CHILDREN
KALAN-BANGA
CALAMBA CITY HALL


11-15
DEC
MON-FRI
HAPPY ANG PASKO SA CALAMBA
NIGHTLY PRESENTATION @CITY PLAZA
11 DEC MONDAY GABI NG DEPED
12 DEC TUESDAY GABI NG NGO'S
13 DEC WEDNESDAY GABI NG BARANGAYS
14 DEC THURSDAY GABI NG COLLEGES & UNIVERSITIES
15 DEC FRIDAY GABI NG CITY GOVERNMENT
REGALONG PAMASKO
KALAN-BANGA
CALAMBA CITY PLAZA


31
DEC
SUN
6:00 PM
HAPPY ANG PASKO SA CALAMBA
NEW YEAR'S EVE COUNTDOWN
KALAN-BANGA
CALAMBA CITY PLAZA

## OPLAN KALULUWA MAPAYAPANG NAIDAOS

Calamba City – Mapayapang ginunita ng mga Calambeño ang katatapos lang na UNDAS. Sa kabuuan ay naging maayos at matagumpay ang lahat. May ilang report ang City Social Services Department (CSSD) na may 6 bata na nawala pero nakita din ng mga magulang sa pamamagitan ng Information Booth ng Public Order and Safety Office (POSO). Hindi naging hadlang ang maulang panahon at pagdagsa ng "Black Bug" para hindi makapagtirik ng kandila at makapag-alay ng bulaklak ang bawat isa para sa kanilang mga yumaong mahal sa buhay. Naging maayos din ang daloy ng trapiko bunga ng maagang pagpapaabiso sa mga motorista at pasahero ukol sa mga isasara at rerouted na mga kalsada. Tinatayang humigit kumulang na 50,000 katao ang dumalaw sa mga sementeryo na karamihan ay nasa Barangay Lecheria.

Matagumpay ding naibalik sa kanilang mga magulang o tagapag-alaga ang 13 badjao na nahuling namamalimos at natulungan din ang isang senior citizen na nawalay sa kanyang mga kasama sa pamamagitan ng libreng tawag sa pamilya.

Taos puso naman ang pasasalamat ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco sa mga opisina, barangay, ahensiya ng gobyerno, NGOs, volunteer groups at mga indibiduwal na nagtulong-tulong upang mapayapa at maayos na magunita ng ating mga kababayan ang kanilang mga yumaong mahal sa buhay. *(Retchie Pelipada)*


cto: kalanbanga



cto: Calamba CPS CPR



cto: Calamba CPS CPR

## Nahilo sa Sementeryo noong Undas umabot sa 10

Sampung (10) katao ang nakaranas ng pagkahilo at pananakit ng ulo sa iba't-ibang sementeryo sa Calamba noong Undas ayon sa ulat ng City Health Services Department sa pamumuno ni Dr. Adelino Labro.

Tig-tatlong (3) tao naman ang nilagnat, na-high blood at nawalan ng malay habang may apat (4) naman na bahagyang nasugutan sa mga matutulis na bakod sa sementeryo.

Binigyan ng paunang lunas ng Health Department ang umabot sa 25 katao sa 3 medical stations na inilagay ng Lungsod ng Calamba bilang ayuda sa mga Calambeñong nagpunta sa mga sementeryo nitong nakaraang Undas. 2 doctor, 8 nurses, 18 midwife at 6 na support staff ang naitalaga bilang medical team habang 4 na ambulansya naman ang naka-stand-by para sa anumang emergency. *(Noemi Talatala)*












# COOPERATIVE HALL OF FAME AWARD, TINANGGAP NG CALAMBA

Tinanggap ng Calamba City Cooperatives and Livelihood Department (CLD) sa pangunguna ni G. Leonardo Opulencia ang Hall of Fame Award bilang Best Performing Local Government Cooperative Development Office (Municipality and Component City Category) buhat sa Cooperative Development Authority (CDA) noong 27 Oktubre sa EDSA Shangrila Hotel. Iginawad ang nasabing parangal bilang pagkilala sa pagiging Top Performing Cooperative Development Office sa buong Pilipinas sa loob ng nakaraang tatlong (3) sunod-sunod na taon.

Nakamit naman ng Calamba City Cooperative Development Council (CCDC) ang Gawad Parangal Special Citation bilang pagkilala sa nagkakaisa nitong pagsulong sa kaunlaran ng mga kooperatiba sa lungsod at sa pagpapakilala sa mga ito bilang economic enterprises na makakatulong sa pangkalahatang layunin ng sustainable development.

Lubos ang kaligayahan at pagmamalaki ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco sa mga karangalang nakamit. Aniya, patunay lamang ang mga ito sa mga magagandang naibubunga ng mga proyektong pangkabuhayan at pangkaunlaran ng mga kooperatiba na inihahandog ng lungsod sa bawat Calambeño. "Nawa'y magsilbing hamon at inspirasyon ang mga karangalang ito upang mas lalo pa nating paigtingin at pagsumikapan na maihatid ang mas magagandang proyekto at serbisyong pangkabuhayan at pangkooperatiba para sa ating mga kababayan," dagdag pa ng butihing mayor. *(Noemi Talatala)*






# COOPERATIVE MONTH 2017 IPINAGDIWANG SA CALAMBA

Ipinagdiwang sa buong buwan ng Oktubre ang Cooperative Month 2017 sa pangunguna ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco, Vice Mayor Roseller "Ross" Rizal at Sangguniang Panlungsod sa pamamagitan ng mga natatanging palatuntunan at activities na pinamunuan ng Cooperatives and Livelihood Department (CLD). May temang "Cooperative: Empowering the Poor and the Vulnerable towards Inclusive Growth and Sustainable Development", layon ng pagdiriwang na mapaunlad at mapalawak pa ang kakayanan at kaalaman sa paglago ng kooperatiba sa bawat bayan at lungsod.

Sinimulan ang isang buwang pagdiriwang sa pamamagitan ng pagbubukas ng Cooperative Summit at Trade Fair noong 2 Oktubre 2017 kung saan naibenta ang mga produktong mula sa mga kooperatiba sa Calamba. Nagkaroon din ng Livelihood Demonstrations kung saan tinuruan ang mga lumahok ng pastillas making, meat processing, at cleaning agents preparation na sinundan naman ng Good Manufacturing Practices Seminar for Companies and Cooperatives na isinagawa sa pakikipagtulungan ng City Health Services Department. Huling activity ng nasabing Summit ang Recipe Cooking Contest kung saan nanalo ang Avocado Pastillas at Carrot Chips ng mga kalahok buhat sa Saints John and Paul Colleges.

Sinimulan naman noong 6 Oktubre ang Gilas Kooperatiba, isang inter-cooperative volleyball competition na nilahukan ng iba't ibang kooperatiba sa buong Calamba. Inilunsad din ang Coop Singing Star sa pamamagitan ng isang elimination round noong 26 Oktubre habang ang finals ay gaganapin sa 29 Nobyembre. Nilahukan din ng iba't ibang kolehiyo at unibersidad ang Cooperative Quiz Bee—nagwagi bilang kampiyon ang Saint John Colleges.

Mahigit-kumulang 200 mga runners at joggers ang lumahok sa Cooperative Fun Run na ginanap noong 28 Oktubre, hudyat ng pagtatapos ng selebrasyon ng Cooperatives Month. *(Noemi Talatala)*

















**ulations!**
**l Development Department**
**l Hall of Fame Awardee**

## Orientation on Community-Based Rehabilitation Program, isinagawa ng DILG

Nagsagawa ang Department of Interior and Local Government (DILG) ng Orientation on Community-Based Rehabilitation Program noong nakaraang tatlong araw, Oktubre 23, 24 at 25, 2017 sa 3rd floor lobby ng Gusali ng Pamahalaang Lungsod ng Calamba. Ang nasabing programa ay nilahukan ng tig-sampung (10) barangay bawat araw (in clustering).

Ayon kay Ms. Lenie Bautista, DILG City Director, ang programa ay sinimulan sa pag-uulat ng kasalukuyang katatayuan ng ating mga barangay kaugnay sa iligal na droga na ginampanan ni PO1 Niño Christopher P. Soriano ng Calamba-PNP. Sa kanyang pag-uulat, mayroong nang dalawang (2) drug-cleared barangay, ang Barangay Puting-Lupa at Barangay Camaligan samantalang siyam (9) naman ang slightly affected barangays. Tinalakay naman ni Ms. Bautista ang muling pagbubuo o pagrerevitalize ng Barangay Anti-Drug Abuse Council (BADAC) at ang "function and composition" ng dalawang (2) komite, ang Operations at Advocacy . Naging Panauhing Tagapagsalita si Sir Diosdado "Dadel" Baquiran, Municipal Anti-Drug Professor ng Tanay, Rizal na siyang nagtalakay ng ukol sa Orientation on Dangerous Drug Board (DDB) Regulation #4 – "One Stop Shop Facilities" for Drug Users Dependent Surrenderees (DUDS). Dito ay kanyang ipinaliwanag ang mga alituntunin at paraan upang masagip ang isang drug dependent sa ilalim ng DDB Board regulation #4 series of 2016 o ang Oplan-Sagip. Tinapos ang palatuntunan sa pamamagitan ng pagbibigay ng sertipiko sa lahat ng mga dumalo.

Ang programang ito ay isinasagawa ng DILG at PNP Calamba ng may buong pagsuporta ng ating Punong Lungsod Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco bilang pagtalima na rin sa priority program ng ating Pangulong Rodrigo Roa Duterte. *(Cecil Canillas)*




## AGRICULTURE AND FISHERY WEEK




Ang Tanggapan ng Pangsakahang Panlungsod sa pamumuno ni G. Eufrocino Guerrero ay nagdiriwang ng Linggo ng Agrikultura at Mangigisda o ang "Agriculture and Fishery Week". May isang linggong "trade fair" na ginaganap sa lobby ng Business Permits and Licensing Office kung saan ang mga tindang gulay at prutas ay mula sa mga ani ng ating mga magsasaka. Magsisimula ngayong araw, 6 Nobyembre hanggang 10 Nobyembre ang iba't-ibang programang kanilang inihanda:

Nobyembre 7 – "Corn Husk Making" para sa mga kababaihan. Tuturuan sila ng paggawa ng mga vase, bulaklak at iba pang mga pangdekorasyon gamit ang mga balat ng mais o corn husk. Ito ay bilang pagsasanay na rin sa paligsahan na gaganapin sa Tanggapang Panlalawigan.

Nobyembre 8 – "CAFC" (City Agricultural and Fishery Council) SPORTSFEST" – Mga "indoor at mind games" na lalahukan ng mga magsasaka ng iba't-ibang barangay.

Nobyembre 10 – GAWAD SAKA – isang parangal na ibibigay sa ating mga natatanging magsasaka at mangingisda. Igagawad din ang "Search for the Outstanding Farmer of the Year"at "PINAKA"contest sa kategorya ng mga pananim, paghahayupan at pangingisda. Magkakaroon din ng paligsahan para sa gulayan sa kabayanan, kung saan ang mga kalahok ay mga barangay at paaralan sa ating Lungsod. Magbibigay din ng parangal para sa pinakamatandang magsasaka at mangingisda sa Calamba.

Patuloy ang pagbibigay ng ayuda ng City Agricultural Services Department, sa tulong at suporta ng ating Punong Lungsod Justin Marc "Timmy" Chipeco at Pangalawang Punong Lungsod Roseller "Ross" Rizal at Sangguniang Panlungsod sa ating mga magsasaka at mangingisda tulad ng pagbibigay ng mga buto ng mga gulay at tuluy-tuloy na pagbibigay ng mga bagong kaalaman at teknolohiya para sa lalong maunlad na sakahan at isdaan. *(Marivic Balba)*

## BANGAYANIHAN, bayanihan sa Calamba



Ika-6 ng umaga noong Sabado, Oktubre 28, 2017, 55 mga kabataan na mula sa iba't ibang barangay ang nagtipon-tipon para sa isang mahalagang gawain. . . linisin ang Banga na simbolo ng Lungsod ng Calamba.

Sinasabing isa sa pinakamalubhang problema ng matandang parke ang bandalismo o pagsusulat sa ibabang bahagi ng Banga. Matagal nang suliranin ng mga nagbabantay sa parke ang kalimitang pagbubura o pagpintura sa mga vandalism sa banga na ginagawa ng mga estudyante at ilang turista.

Ayon kay G. Ronaldo Mendiola, punong tagapagbantay ng parke mula pa noong 2009, kapag nakakakita siya ng mga kabataan na dumadalaw sa Banga, iniisip niya na ang mga ito ay "kalaban" dahil mag-iiwan ang mga ito ng kalat at panibagong mga sulat sa tuntungan ng banga. Pero sa pagkakataong ito, nabago ang kanyang hinala matapos niyang makita ang ginawa ng mga kabataan. *"Meron pa pala kaming kakampi"*, ang masayang pahayag ni Mang Ronald.

Naging trending sa social media ang isang post na nagpapakita ng mga bagong sulat sa tuntungan ng banga na katatapos pa lamang pinturahan. Makalipas ang ilang buwan ilang concerned citizen ang nag-organisa ng isang gawain upang muling linisin ang banga na tinawag nilang "BANGAYANIHAN". Hiningi ang tulong ng mga Calambeño at marami ang tumugon, karamihan dito ay mga kabataan na kasapi ng Pag-asa Youth Association-Calamba Chapter sa pangunguna ni G. Kenneth Yuson at Kiwanis Club of Laguna-Phoenix na kinabibilangan ni G. Matt Palentinos. Dumating din ang 2 kasapi ng TCKK, sina G. Alex Erasga at Oscar Geneciran.

Sa tulong ng mga brush, scotch brite, sabon, acetone, basahan, tubig at colgate, isa-isang kinuskos ng mga kabataan ang lahat ng mga marka ng pentelpen hanggang sa matanggal ang mga sulat.


Matapos ang ilang oras na pagkukuskos at paglilinis, isang munting programa ang ginawa kung saan lahat ng kabataang naroroon ay nangako ng kanilang suporta at pangangalaga sa Banga upang makita pa ito ng mga susunod na anak ng Calamba. *(Aliwalas T. Carmen)*

## MOBILE PASSPORTING SERVICES muling isasagawa ng IIPESO






Ipinababatid sa lahat ng mga Calambeño na muling magkakaroon ng Mobile Passporting Services (MPS) ang Pamahalaang Lungsod ng Calamba. Ito ay sa pamamagitan ni Cong. Joaquin "Jun" Chipeco, Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco, Vice Mayor Roseller "Ross" Rizal at ng Sangguniang Panlungsod sa pakikipagka-isa ng Information, Investment Promotions and Employment Services Office (IIPESO) at sa pakikipagtulungan ng Department of Foreign Affairs, Manila.


Sisimulan ang pagbibigay ng "application form" sa Disyembre 11, 2017 kalakip ang mga dokumentong kailangan tulad ng authenticated birth certificate, marriage certificate (if married) at dalawang (2) valid id's. Ang Personal Appearance ay gaganapin sa ika-10 ng Pebrero ng susunod na taon. Sa sinumang nais mag-apply ay makipag-ugnayan lamang sa IIPESO o sa mga numerong 545-6789 local 8012. *(Cecil Canillas)*




**Unang labas ng lingguhang Calambalita naging posible sa pamumuno ng IIPESO Head, Ms. Noemi Talatala sa pakikiisa ng kanyang mga staff. Asahan ninyo ang mas bago at mabilis na pagbabalita ng mga kaganapan sa ating lungsod.**





# CALAMBA CITY HALL TELEPHONE DIRECTORY

## ISANG NUMERO
## 545 - 6789

| | | |
|---|---|---|
| | OPERATOR | 8000 |
| MO | Office of the City Mayor | 8308 |
| ADMIN | City Administrative Office | 8201 |
| VM | Office of the Vice-Mayor | 8211 |
| SP | Office of the Sangguniang Panlungsod | 8314 |
| ABC PRES. | Office of the ABC President | 8310 |
| COUN. GATINDIG | City Councilor | 8327 |
| COUN. MORALES | City Councilor | 8318 |
| COUN. LAJARA | City Councilor | 8319 |
| COUN. ALCASID | City Councilor | 8325 |
| COUN. HERNANDEZ | City Councilor | 8326 |
| COUN. PEREZ | City Councilor | 8321 |
| COUN. A. LAZARO | City Councilor | 8317 |
| COUN. ESPIRIDION | City Councilor | 8324 |
| COUN. J. LAZARO | City Councilor | 8320 |
| COUN. ATIENZA | City Councilor | 8323 |
| ACCTG | City Accounting & Internal Control Office | 8203/8204 |
| AGRICULTURE | City Agricultural Services Office | 8007 |
| ASSESSOR | City Assessor | 8108/8109 |
| BAC | Bids and Awards Committee Office | 8327 |
| BPTTO | Business Permit & Tricycle Franchising Office | 8101/8102 |
| BUDGET | City Budget & Management Office | 8206 |
| BUILDING | Building Regulatory Services Office | 8031 |
| CENRO | City Environment & Natural Resources Office | 8218 |
| CNAI | City Nutritionist Office | 8328 |
| COA | Commission on Audit | 8216 |
| COMELEC | Commission on Election | 8017 |
| COOP | Cooperative & Livelihood Development Office | 8019 |
| CPDO | City Planning & Development Office | 8209/8210 |
| CSSYDO | City Social Services & Youth Development Office | 8120/8226 |
| CTC | City Trial Court | 8010 |
| DILG | Dept. of Interior and Local Government | 8224 |
| E-CENTER | | 8005 |
| ENGINEERING | City Engineering Services Office | 8212/8214 |
| GSO | City General Services Office | 8006/8007 |
| HEALTH | City Health Office | 8018 |
| HOUSING | Housing & Settlement Dept. | 8021 |
| HRMO | City Human Resources Management Office | 8220 |
| IIPESO | Information, Investment Promotions and Employment Office | 8011/8012 |
| LANDBANK | Landbank of the Philippines | 8022 |
| LCR | City Civil Registrar | 8110/8117 |
| LEGAL | City Legal Office | 8222 |
| MOTORPOOL | City Motorpool | 8400 |
| OSCA | Office of the Senior Citizens Association | 8119 |
| PAO | Public Affairs Office | 8331 |
| POPCOM | | 8229 |
| POSO | Public Order and Safety Office | 8025/8028 |
| PROSECUTOR | City Prosecutor Office | 8028 |
| TREASURY | City Treasury and Management Office | 8111/8112 |
| TOURISM | Cultural Affairs, Sports and Tourism Dept. | 8232 |
| VET | City Veterinary Services & Slaughterhouse Management Office | 8004 |


EDITORIAL BOARD

**MRS. NOEMI E. TALATALA**
*Editor -In- Chief*

**CECIL H. CANILLAS**
*Associate Editor*

**MARIVIC D. BALBA**
*Managing Editor*

Staff Writers:
**RETCHIE PELIPADA,**
**MOISES ALCASABAS, ANALIZA CERVANTES,**
**JOJO BUSAYONG, JOEL CABACTULAN**

**RIZZA JANE L. JUMARANG**
Lay-out Artist

**MONTE OPULENCIA**
Photographer


https://www.facebook.com/attyjustinmarcsbchipeco/




https://www.facebook.com/calambalita




https://www.facebook.com/iipeso.calamba




https://www.facebook.com/CcioIipeso/




https://www.facebook.com/kalanbangaDEN/

